**Labanan hanggang mawakasan ang bogus, sinungaling, bulok at brutal na reaksyunaryo at papet na rehimeng US-Arroyo!**

Tanda ng inabot nang paglala ng krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ang tumitindi at di na masawatang krisis na yumayanig sa rehimeng US-Arroyo. Ibayo pa itong pinalalala ng walang habas at walang pakundangang paggamit ni Arroyo ng pasistang karahasan at panlilinlang upang panatilihin ang kanyang bogus, sinungaling, bulok at papet na rehimen.

Malaki ang pananagutan ng rehimeng Arroyo sa ekonomya na sumasalanta sa kabuhayan ng mamamayan.Pinalalala pa ang krisis na ito sa napakalaganap na katiwalian at korapsyon. Nasa kaibuturan ng krisis sa ekonomya at pulitika ang pagsusunud-sunuran sa dikta ng imperyalismong US. Sa katunayan ang US ang nag-aatas ng pasismo at terorismong nagaganap sa bansa. Bilang tugon, hinahambalos ang mamamayang Pilipino ng mga pasistang pananalakay ng rehimeng US-Arroyo. Kalakhan ng mga biktima ay nagmula sa uring magsasaka at manggagawa at mga petiburges na naghahapag ng kanilang mga hinaing at nakikibaka para sa kanilang makauring interes at kapakanan ng buong sambayanan.

Pinakamalupit ang kampanya ng pasistang panunupil at terorismo sa kanayunan kung saan pinaiiral ang di deklaradong batas militar. Maging sa kalunsuran, walang habas at malupit ding ipinatutupad ang pasistang panunupil, laluna sa mga komunidad ng mga manggagawa at maralita. Karaniwan nang isinasagawa ang pamamaslang sa mga aktibista at pananakot. Kabilang sa mga target ng panunupil ng rehimeng Arroyo ang mga bumabangong panggitnang pwersa, anti-Arroyong oposisyunista at mga natatauhan at naliliwanagang pwersang militar na disgustado at humahamon sa paghahari ni Arroyo. Makailang ulit na ring sinubukang arestuhin ang ilang lider ng anti-Arroyong oposisyon. Walang tigil ang Malacañang sa pagpapakana ng mga maniobrang pulitikal at administratibo upang alisin sa poder ang mga oposisyunistang lokal na upisyal.

Ang ganitong panunupil sa mga kapwa reaksyunaryo ay palatandaan ng ibayong paglala ng krisis ng naghaharing sistemang kinatatampukan ng lalo pang pagliit ng mapaghahatiang pakinabang at mga pribilehiyo ng mga naghaharing uri.

Samantalahin natin ang maigting na krisis pampulitika at pang-ekonomya sa bansa, ang sukdulang pagkakahiwalay ng rehimeng US-Arroyo, at ang ibayong

pagkalantad ng tunay ng katangian ng estado upang ibayong maitaas ang kamulatang pampulitika ng rebolusyonaryong masa at sambayanang Pilipino. Sa gayon, higit pang mapupukaw ang kanilang militanteng pagkilos at pag-ibayuhin ang kanilang tapang at suuingin ang landas ng paglaban upang lalong pahinain hanggang tuluyang mawakasan ang paghahari ng bogus, sinungaling, bulok at pasistang rehimeng Arroyo. Sa proseso, natututo rin ang mamamayan sa pangangailangang madala ang kanilang mga pagkilos sa larangan ng rebolusyonaryong pakikibaka para mabago ang buong sistemang panlipunan na umaapi at nagsasamantala sa kanila, at mapapatatag ang kanilang tiwala sa pangangailangan at tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan upang tunay na malutas ang kinasasadlakang krisis ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Dapat singilin at pagbayarin nang mahal sa kanilang mga krimen sa mamamayan si Arroyo at lahat ng kanyang kasapakat na kriminal sa Malakanyang at AFP, kasama na ang amo nilang imperyalistang US. Pag-ibayuhin natin ang ating determinasyong matamo ang katarungan para sa lahat ng biktima ng pasistang karahasan, matigil ang pandarambong sa bansa at sa kabang bayan at makamit ang tunay na pambansang kalayaan, demokrasya, kapayapaan at kaunlaran.

**Layunin:**

Napapanahong ubos-kayang ilunsad ngayon ang masinsin at malaganap na kampanya sa edukasyong pampulitika sa hanay ng masa para:

1. Mapalalim ang pag-unawa ng mamamayan sa makauring katangian ng paghaharing US-Arroyo. Kabilang dito ang:

- tunay na kalagayan ng ekonomya ng bansa at ang pananagutan ng rehimeng US-Arroyo sa patuloy na pagtindi ng krisis sa ekonomya ng bansa;
- ang malulubhang kaso ng korapsyon at ang burukrata kapitalistang operasyon ng rehimeng Arroyo;
- ang pangangayupapa sa imperyalismong US ng rehimeng Arroyo at ang epekto nito sa soberanya ng bansa at kalagayan ng sambayanang Pilipino;

2. Masapol ang tunay na katangian ng estado sa harap ng rumaragasang pampulitikang paniniil at terorismo ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

3. Balik-aralan ang mga estratehiya at taktika ng pambansa demokratikong rebolusyon para sa mas angkop na pagkilos at pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa laban sa kasalukuyang rehimen.

4. Mabalikan ang mahahalagang aral ng Edsa I at II at magamit ito para higit na mapahusay ang demokratikong kilusang masa para labanan at wakasan ang papet, bulok at brutal na rehimen.

Ang kampanya sa edukasyong pampulitika ay pagulungin sa pamamagitan ng mga sangay ng Padepa sa mga baryo, komunidad, pabrika at eskwelahan.

Ang mga praymer hinggil sa tunay na kalagayan ng ekonomya, korapsyon, pagkapapet ng rehimeng Macapagal-Arroyo at estado at rebolusyon sa panahon ng Rehimeng US-Macapagal Arroyo ay maaaring pag-aralan nang hiwa-hiwalay sa loob ng 2-3 oras bawat isa. Maaari namang pag-aralan ang mga ito bilang isang bungkos sa loob ng 4-6 oras.

###

**Mungkahing Balangkas sa Isang Bungkos na Pagtalakay sa apat na praymer**

Pambungad at mga layunin sa pag-aaral.

**I. Ang makauring katangian ng paghaharing US-Arroyo**.

**A. Krisis sa Ekonomya**

1. Anu-ano ang palatandaan ng kasalukuyang krisis?
2. Paano hinaharap ng Rehimeng Arroyo ang krisis sa kabuhayan?
3. Bakit nga ba may krisis sa ekonomya ng Pilipinas?

**B. Korapsyon at ang burukratang kapitalistang operasyon**

1. Gaano kalubha ang katiwalian at korapsyon sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo at ano ang epekto nito sa mamamayan?
2. Paano sistematikong nilimas ni GMA ang bilyun-bilyong pondo ng gubyerno upang ipanustos sa malawakang pandaraya sa eleksyong 2004? Paano patuloy pang nagnanakaw si GMA para sa marumi at marahas na mga pakana sa pagkakapit-tuko sa kapangyarihan?
3. Paano patuloy na nakakapamayagpag ang dambuhalang mga kroni ng nagdaang mga rehimen na sina Danding Cojuangco at Lucio Tan, sa kabila ng kanilang pananagutan sa malakihang tax evasion at pandarambong?
4. Bakit lalo pang nagiging agresibo ang pinakamatataas na upisyal ng

burukrasyang militar sa pagpapatakbo sa kani-kanilang mga operasyon ng katiwalian at kriminalidad?

5. Ano ang ugat ng katiwalian at korapsyon sa lipunang Pilipino?

6. Ano ang tampok na mga halimbawa ng katiwalian at korapsyon sa kasaysayan?

**K. Pagkapapet sa Imperyalismong US**

1. Papet ng imperyalismong US ang rehimeng Macapagal-Arroyo

2. Tampok na mga anyo ng pagiging sunud-sunuran ng rehimen sa imperyalismong US at epekto nito sa mamamayan

## II. Ang tunay na katangian ng estado ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo

### A. Pampulitikang paniniil at terorismo ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo

1. Ano ang lagim at karahasang ipinapatupad ng Oplan Bantay Laya (OBL) laban sa sambayanang Pilipino?

2. Ano ang Human Security Act (HSA) ng 2007?

3. Ano ang iba pang "ligal na opensiba" ng rehimeng Arroyo?

4. Sinu-sino ang dapat managot sa matinding krisis at mga krimen na isinasagawa ng estado laban sa taumbayan?

5. Bakit ganito katindi ang karahasan sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo? Paano nito inilalantad ang tunay na katangian ng estado?

6. Ano ang papel ng US sa nagaganap na karahasan sa bansa?

## III. Labanan at wakasan ang bogus, sinungaling, bulok at brutal na reaksyunaryo at papet na rehimeng US-Arroyo!

1. Ano ang dapat gawin ng sambayanang Pilipino upang labanan at pabagsakin ang rehimeng US-Macapagal Arroyo?

    1.1. Buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mamamayan laban sa rehimen

    1.2. Isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas

    1.3. Paigtingin ang ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran para ibagsak ang papet at pasistang rehimen